Tagalog

Vol.34 2023.07

Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation






## 【Fireworks Festival Commemorating Ota City's "Peace City Declaration"】

Sa Ota City, ginaganap ang "Fireworks Festival" na may layunin na maipasa ang kabuluhan at kahalagahan ng kapayapaan sa nakababatang henerasyon at maipasa ang mapayapang lungsod na walang digmaan sa kinabukasan.

Agosto 15, 2023 (Martes)
*Makakansela kung sakaling may bagyo.

Tamagawa Riverbed (sa paligid ng 4 Chome Nishirokugo)

**Access**

- Maglakad ng humigit-kumulang 5 minuto mula sa Rokugodote Station ng Keikyu Line
- Mula sa West Exit ng Kamata Station, sumakay ng Tokyu Bus papuntang Rokugodote, bumaba sa Rokugodote at maglakad ng humigit-kumulang 3 minuto

*Mula 5:00 pm hanggang 10:00 pm, naka-iskedyul na bumalik ang bus sa Takabatake Elementary School

- Mula sa East Exit ng Kamata Station, sumakay ng Keikyu Bus papuntang Haneda Shako (Rokugobashi), bumaba sa Rokugobashi at maglakad ng humigit-kumulang 7 minuto

*Hindi maaaring pumunta sa venue nang naka-sasakyan.

Cultural Promotion Division
☎ 03-5744-1226　FAX 03-5744-1539　E-mail bunka@city.ota.tokyo.jp

···· Kailan　···· Magkano　···· Ilang tao　···· Paano mag-apply　···· Saan　···· Mag-apply sa　···· Makipag-ugnay sa

# 【Mangyaring gamitin ang app para sa paghihiwalay ng basura.】

Nakaranas ka na ba ng problema tulad ng kung kailan ang araw ng pagtatapon ng basura o paano paghihiwalayin ang mga ito?
Ang Ota City ay namamahagi ng app na nagbibigay-daan para sa mga gumagamit na madaling makumpirma ang mga madalas itanong, tulad ng araw ng koleksyon ng basura, paano magtapon ng basura, mga dapat tandaan kapag magtatapon ng basura, diksyunaryo sa paghihiwalay ng basura, atbp. gamit ang iyong smartphone. Mangyaring gamitin ito.

**Narito ang impormasyon tungkol sa app para sa paghihiwalay ng basura:**

https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/gomi/topics/gomi-bunbetsu-apli.html

Collection and Recycling Section, Sanitation Division
☎ 03-5744-1628
FAX 03-5744-1550
E-mail kan-seso@city.ota.tokyo.jp



©Ota City

# 【Mag-ingat sa Heat Stroke!】

Ang heat stroke ay nagdudulot ng iba't ibang sintomas tulad ng pagkahilo, panghihina, atbp. Depende sa kapaligiran at pag-uugali, ang kahit na sino ay maaaring makaranas ng heat stroke. Gawin ang mga sumusunod kapag may pinanghihinalaang heat stroke:

1. **Lumipat sa malamig na lugar**
2. **Palamigin ang katawan para bumaba ang temperatura**
3. **Mag-rehydrate ng tubig at asin**
4. **Kumonsulta sa medikal na institusyon**

**Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labour and Welfare.**

https://www.mhlw.go.jp/seisakunitsuite/bunya/kenkou_iryou/kenkou/nettyuu/nettyuu_taisaku/index.html

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227
FAX 03-5744-1323


©Ota City


©Ota City

## 【Impormasyon sa Foreign-language Human Rights Hotline】

Para sa mga may problema tulad ng tinanggihan sa trabaho o pagtira sa apartment, binu-bully ang anak sa paaralan, atbp. dahil sila ay isang dayuhan, mangyaring gamitin ang "Foreign-language Human Rights Hotline" ng Ministry of Justice.

Available sa Ingles, Intsik, Koreano, Filipino, Portuges, Vietnamese, Nepali, Espanyol, Indonesian, at Thai.

Lunes - Biyernes 9:00 am – 5:00 pm (maliban sa katapusan at bagong taon)

Libre

Sa telepono

Foreign-language Human Rights Hotline (navi dial)
☎ 0570-090911

Human Rights and Gender Equality Promotion Division
☎ 03-5744-1148
FAX 03-5744-1556
E-mail jindanjo@city.ota.tokyo.jp

## 【Tungkol sa aplikasyon para sa exemption sa National Pension Insurance premiums】

Mayroong sistema ng exemption kapag nahihirapan kang magbayad ng iyong National Pension Insurance premiums. Para mag-apply rito, mayroong pagsisiyasat ng kita sa nakaraang taon ng indibidwal, asawa, at pinuno ng sambahayan. Kung pagkatapos ng aplikasyon ay nasuri at naaprubahan ka ng opisina ng pensiyon, mae-exempt ka sa lahat o bahagi ng National Pension premiums. Ang panahon para sa pag-apply para sa exemption ay hanggang nakalipas na dalawang taon at isang buwan lamang. Kailangan ng aplikasyon bawat taon. Kapag hindi ka sigurado, mangyaring tingnan ang website ng Ota City.
https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/kokunen/nenkin/index.html

Mangyaring mag-apply sa tanggapan, pamamagitan ng koreo, o elektronikong aplikasyon.

National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division
Counter No. 12, 3F Ota City Office, 5-13-14 Kamata, Ota-ku
☎ 03-5744-1214
Lunes – Biyernes 8:30 am – 5:15 pm

Japan Pension Service Ota Branch Office
3F Technoport Kamata Center Building, 2-16-1 Minami-Kamata, Ota-ku
☎ 03-3733-4141
Lunes 8:30 am – 7:00 pm,
Martes – Biyernes 8:30 am – 5:15 pm,
Ika-2 Sabado 9:30 am – 4:00 pm

## 【Tungkol sa pagbabayad ng resident tax】

Ang ikalawang deadline ng pagbabayad ng special ward tax/metropolitan tax (residence tax) ay sa Agosto 31. Ang ikatlong deadline ng pagbabayad ay sa Oktubre 31. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tignan ang website ng Lungsod ng Ota.

Omori............................ ☎ 03-5744-1200
Chofu............................ ☎ 03-5744-1201
Kamata.......................... ☎ 03-5744-1202
Sa labas ng Ota City.. ☎ 03-5744-1203

Mangyaring i-check ang paunawang iyong natanggap para sa contact information.

FAX 03-5744-1517
URL https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/zeikin/

#【"Presentasyon sa wikang Hapon (dating pangalan: Pagsasalita sa wikang Hapon)"】



Dito para sa mga detalye

Oktubre 29, 2023 (Linggo)
13:30-16:00 (tentative schedule)

Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata)

Libre (kailangan bayaran ang sariling transportasyon)

Humigit-kumulang 10 katao

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981
FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp
URL https://www.ota-goca.or.jp/presentation/

Para sa mga dayuhang nag-aaral ng wikang Hapon, nais niyo bang subukang gumamit ng mga larawan, atbp upang ipahayag ang inyong nararamdaman sa wikang Hapon? Inaasahan namin ang inyong paglahok!

◆ Ang mga kwalipikado sa aplikasyon ay mga taong hindi wikang Hapon ang katutubong wika at nalalapat sa alinman sa mga sumusunod
  - Naninirahan sa Ota City
  - Nag-aaral sa Ota City
  - Nagatrabaho sa Ota City

◆ Ang oras ng presentasyon ay humigit-kumulang limang minuto kada tao.

◆ Halimbawa ang mga sumusunod na tema sa pagsasalita.
  - Mga naramdaman nang nanirahan sa Japan o Ota City
  - Mga bagay na gusto at ayaw sa Japan
  - Pagkakaiba ng Japan at sariling bansa
  - Mga nais gawin pagdating sa Japan
  - Mga problema sa Japan (mga bagay na nais mong humiling ng tulong sa mga Japanese), atbp.



#【Klase sa Suporta sa Pag-aaral ng mga Bata】

Ito ay klase para sa mga estudyante sa elementarya na nag-aaral ng wikang Hapon. Mangyaring dumalo rito kung hindi ka nakakaunawa ng wikang Hapon at namomoblema sa iyong mga takdang-aralin. Gawin ang mga takdang-aralin kasama ang boluntaryong guro.

● Ano ang gagawin?
  - Pagtulong sa mga takdang-aralin
  - Pag-aaral ng mga salita sa aklat-aralin
  - Malakas na pagbabasa ng mga aklat-aralin, atbp.

● Sinu-sino ang maaaring sumali?
Mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-6 na baitang sa elementarya at nalalapat sa mga sumusunod:
  - Naninirahan sa Ota City o pumapasok sa elementary school sa Ota City
  - Nahihirapan sa wikang Hapon at kasalukuyang nag-aaral ng wikang Hapon

Setyembre 13, 20, Oktubre 4, 11, 18, Nobyembre 1, 8, 15, Disyembre 6, 13, 2023
3:30 pm – 5:00 pm (10 beses)

Ota International Exchange Center (Minto Ota) (Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata)

3,000 yen

10 katao

Global City Ota Cooperation Association
● URL https://www.ota-goca.or.jp/after_school_class/
● E-mail mail@ota-goca.or.jp
● ☎ 03-6410-7981
FAX 03-6410-7982

Ang papel ng impormasyon na ito ay inilalathala ng 8 beses sa isang taon. Ipinamamahagi ito sa mga pasilidad sa Ota City tulad ng mga library, children's center, at city branch offices, at sa mga istasyon sa loob ng Ota City tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Zoshiki.

▼ Impormasyon para sa mga dayuhan

▼ Multilingual Consultation Desk

Inilathala Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
Address 〒144-0052 Ika-2 palapag ng 4-16-8 Kamata, Ota-ku Sa loob ng Ota International Exchange Center (Minto Ota)
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323